# Wastong Paraan ng Pagtapon ng Basura at mga Bagay na Maaari pang Magamit

**Itapon ang basura mula 6:00 hanggang 8:00 ng umaga sa araw ng koleksyon. Panatilihing malinis ang *Gomi Station* o lugar kung saan itatapon ang basura.**

## Mga Basurang Maaaring Itapon sa *Gomi Station*

### Nasusunog na Basura

- Gamitin ang "Supot para sa Nasusunog na Basura" na itinalaga ng Nakai-machi.
- Hanggang 5 video tape lamang ang maaaring itapon sa bawat koleksyon.
- Gawing 30 cm pababa ang sukat ng malalaki o mahahabang bagay bago itapon.
- Itapon ang mga *futon* kasama ng malalaking basura.

◎ Basura mula sa kusina
- Tanggalin nang mabuti ang tubig na maaaring kasama nito.

◎ Produktong yari sa plastik
- Isama ang mga produktong may tatak na プラ sa mga plastik na lalagyan

◎ Lampin

◎ Pang-ahit/ Disposable lighter

◎ Produktong yari sa balat

◎ Sapatos

◎ Basurang papel na hindi maaaring i-recycle
- Tissue, wax paper, thermal paper, photo paper, papel na carbon ang likuran, papel na nabahiran ng pagkain, langis, atbp., synthetic paper, atbp.

### Hindi Nasusunog na Basura

- Isama sa malalaking basura ang mga bagay na may sukat na 50 cm pataas.
- Ilagay ang mga glass sheet, kasangkapang pangkain na yari sa salamin, at iba pang babasagin sa isang supot na nakikita ang laman at saka itapon.

◎ Kasangkapang pangkain na yari sa metal tulad ng kaldero, takure, at kawali.

◎ Malaking lata atbp.
- Tanggalin ang laman

◎ Payong
- Tanggalin at itapon ang tela sa nasusunog na basura

◎ Nabasag na bagay o seramika

◎ Laruang yari sa metal

◎ Lata ng spray
- Siguraduhing ubos na ang laman, at huwag itong butasan.

◎ Maliit na produktong de-kuryente
- Putulin ang kurdon bago itapon kasama ng hindi nasusunog na basura

### Nakapipinsala

- Ilagay ang bateya sa kahon para sa koleksyon ng mga bateryang dry cell.
- Ilagay ang fluorescent tube at bumbilya sa kulay orange na lalagyan.

◎ Fluorescent tube at bumbilya

◎ Baterya

### Lata

- Hanggang 20 cm ang laki
- Ilabas mula sa supot at ilagay sa lalagyan para sa lata

◎ Latang walang laman
- Tanggalin ang laman, at hugasan ang lata bago ito itapon.

### Bote

- Pagkatapos hugasan ang loob, ibukod sa 3 kulay kagaya ng ipinapakita sa ibaba at ilagay sa bawat lalagyan
- Siguraduhing tanggalin ang takip ng bote at itapon kasama ng hindi nasusunog na basura
- Ilagay ang glass sheet, kasangkapan sa pagkain na yari sa salamin, at iba pa sa isang supot na nakikita ang laman, at itapon kasama ng hindi nasusunog na basura

Clear | Brown | Iba pa

### PET Bottle

- Tanggalin ang takip at label, at hugasan ang loob.
- Isama ang mga takip at label sa mga plastik na lalagyan.
- Huwag pisain o putulin.

### Plastik na Lalagyan

**Sakop dito ang lahat ng lalagyan at pambalot na yari sa plastik na may tatak na プラ.**
- Kung marumi, hugasan ito, punasan at tanggalin ang dumi. Kung may sticker o may dumi, itapon kasama ng nasusunog na basura.
- Biyakin ang malalaking styrofoam at ilagay sa supot.

◎ Tube at takip

◎ Bote

◎ Tray

◎ Lalagyan ng instant ramen, itlog, at iba pang pagkain

◎ Plastik na supot at balot

◎ Styrofoam

### Lumang Papel at Tela

**Huwag magtapon ng mga lumang papel at tela kapag umuulan.**

◆ Patalastas sa dyaryo, magasin, at libro

- Patalastas sa dyaryo
- Magasin at Libro

◆ Iba pa (karton, papel na kahon, karton ng gatas, iba pang papel, damit, at tela)

◎ Karton, Papel na kahon

◎ Karton ng gatas

◎ Iba pang papel
(Pambalot na papel, papel na supot, OA paper, postcard atbp.)
- Ilagay sa supot na papel at talian ng pisi atbp. para hindi lumabas ang laman.

* Di-karaniwang bagay na hindi nagiging materyal ng papel (itapon kasama ng nasusunog na basura)
Huwag isama sa ibang papel ang mga sumusunod:
- Sobreng may pandikit at crimped postcard (confidential postcard)
- Waterproof na papel (papel na baso, papel na plato atbp.)
- Wax paper
- Litrato
- Transfer paper (iron-on transfer paper)
- Papel na diniinan ng palara ng metal tulad ng ginto, pilak atbp.
- Synthetic paper (yari sa plastik, at hindi totoong papel)
- Thermal paper (fax paper, resibo atbp.)
- Thermal foam paper (papel na ginagamit sa Braille atbp. na bumubukol kapag ininitan)
- Papel na carbon ang likuran, papel na non-carbon (kopyang resibo atbp. ng *takkyubin* o tagahatid ng kargada sa mga bahay)
- Papel na yari sa pinaghalong materyales (pinagdikit na plastic film atbp.)
- Papel na may amoy (papel na pambalot ng sabon, papel na kahon ng detergent atbp.)

◎ Damit at tela

T-shirt Panloob | Pantalon | Jacket Terno | Palda | Sweater | Medyas | Jacket na yari sa balat | Kumot | Tuwalya

- Hindi maaaring i-recycle ang mga bagay na may lamang bulak tulad ng *futon*, *hanten* o maiiksing coat para sa taglamig, down jacket, atbp. Itapon kasama ng malalaking basura ang mga *futon*, at paikliin naman hanggang 30 cm pababa ang iba pang bagay bago itapon kasama ng mga nasusunog na basura.
- Siguraduhing labhan ang mga damit, ilagay sa supot na nakikita ang laman at saka itapon.

## Mga Basurang Hindi Itatapon sa Gomi Station

### Putol na Sanga

Gamitin ang libreng serbisyo ng Nakai-machi para sa pagkolekta ng mga putol na sangang nanggaling sa tahanan, bukiran atbp.
Dudurugin ang mga ito, gagawing tatal ng kahoy at ire-recycle.

- Maaaring kolektahin ang mga sangang hanggang 18 cm ang lapad at 130 cm ang haba.
- Maaaring kolektahin ang mga puno ng kahoy na hanggang 50 cm ang lapad at 60 cm ang haba.
- Hindi maaaring kolektahin ang mga punong may lason, bulok na puno atbp.

Tanggalin ang maliliit na sanga at dahon.

Tuwing Martes ang koleksyon sa bawat bahay, at tuwing Biyernes ang araw ng direktang pagdadala.
Para sa mga nagnanais, mag-apply lamang sa *Kankyō Jōgesuidō-ka* o Dibisyon ng Kapaligiran, Tubig at Alkantarilya (81-3903) nang hindi lalampas sa umaga isang araw bago ang araw ng koleksyon at araw ng pagdadala.

### Malalaking Basura

Itinuturing na malalaking basura ang mga nasusunog na basurang 30 cm pataas, at hindi nasusunog na basurang 50 cm pataas ang laki. Hindi maaaring itapon sa Gomi Station.
Direktang dalhin sa Tobu Seiso Kumiai, o gamitin ang serbisyong koleksiyon sa bawat bahay.

- Kailangan ng patiunang pag-aaplay para sa direktang pagdala at koleksiyon sa bawat bahay.
- Maaaring mag-aplay sa koleksiyon sa bawat bahay nang minsan sa isang buwan, at hanggang sa 3 bagay na ang halaga ay 1,000 yen + consumption tax para sa bawat isa.

Tuwing ika-4 na Biyernes ng bawat buwan ang araw ng koleksiyon sa bawat bahay.
Siguraduhing mag-aplay sa Kankyo Jogesuido-ka nang hindi lalampas sa ika-3 Biyernes ng buwang iyon.

### Direktang Pagdadala ng Basura

Kapag marami ang basurang kailangang itapon dahil sa paglipat ng bahay o pangkalahatang paglilinis, o kung may malalaking basura, maaaring direktang dalhin ang mga iyon sa Ashigara Tobu Seiso Kumiai.

Pagrereserbahan
Ashigara Tōbu Seisō Kumiai
TEL 83-1554

Oras ng Pagdadala
- Lunes hanggang Biyernes: 9:00-11:00 / 13:00-16:00
- Sabado: 9:00-11:00
  - *Sa una at ikatlong Sabado lamang
  - *Sarado tuwing holiday

Bayad
- Hanggang 10 kg, 250 yen
- Kapag lampas ng 10 kg, 250 yen bawat karagdagang 10 kg

Kung dadalhin ang basura, tumawag at magreserba sa sa *Ashigara Tōbu Seisō Kumiai* nang hindi lalampas sa araw bago ng pagdadala.

Ipagbukod-bukod at dalhin

- Dalhin ang nasusunog na basura sa *Oi Bika* Center
  540 Yanagi, Oimachi
- Dalhin ang hindi nasusunog na basura sa *Nakai Bika* Center
  490-1 Iwakura, Nakai-machi

### Aircon/TV/Refrigerator/Freezer/Washing Machine/Dryer

- Ipakiusap ang pagkolekta ng mga ito gamit ang alinman sa mga sumusunod na paraan:
  (1) Ipakiusap na tanggapin ng tindahan kung saan binili ang produkto.
  (2) Ipakiusap ang koleksyon sa negosyanteng may pahintulot sa koleksyon.
  (3) Direktang dalhin sa itinalagang lugar ng pagtanggap.
  (4) Mag-apply para sa koleksyon sa bawat bahay ng malalaking basura ng Nakai-machi. 2,000 yen + consumption tax ang bayad para sa koleksyon.
- Alinman sa mga paraang ito, ipadala ang bayad para sa pagre-recycle sa post office, at kunin ang "*Kaden Risaikuru-ken*" o tiket ng pagre-recycle ng home appliance at ang "*Yūbin Furikae Haraikomi Uketsuke Shōmeisho*" o sertipiko ng pagtanggap ng bayad sa postal transfer.
- Ilakip ang "*Yūbin Furikae Haraikomi Uketsuke Shōmeisho*" o sertipiko ng pagtanggap ng bayad sa postal transfer sa "*Kaden Risaikuru-ken*" o tiket ng pagre-recycle ng home appliance, at idikit ito sa kanang itaas na bahagi ng produktong ipapakolekta.

◆ **Kung saan direktang magdala**
Itinalagang tanggapan sa Odawara ng Seino Transportation Co., Ltd.
660 Shimo-oi, Odawara City
TEL 36-6935

### Computer Device (CPU, laptop, LCD monitor, at CRT display)

**Hindi kinokolekta sa Nakai-machi.** Gamitin ang "Koleksiyon ng manufacturer ng PC" o "Koleksiyon sa pamamagitan ng serbisyo ng courier."

- Koleksiyon ng manufacturer ng PC

Batay sa "Act on Promotion of Effective Utilization of Resources", kokolekta ang bawat manufacturer ng mga bagay na nilagyan ng recycle mark.
Tungkol sa mga bagay na walang recycle mark at PC sa sariling gawa, atbp, magtanong sa PC3R Promotion Association.
PC3R Promotion Association: TEL 03-5282-7685

- Koleksiyon sa pamamagitan ng serbisyo ng courier

Mag-aplay nang direkta sa ReNet Japan Recycle, Inc. na gumawa ng kasunduan sa munisipyo ng Nakai-machi. Magagawa ang pag-aaplay sa internet o fax. Tungkol sa detalye, tingnan ang website ng munisipyo ng Nakai-machi.

### Mga Bagay na Ipinagbabawal ang Pagtapon

Hindi maaaring iproseso sa Nakai-machi ang mga ito. Ipagbili sa tindahan, o ipagkatiwala ang pagproseso sa espesyalistang tagapagproseso.

◎ Fire extinguisher | ◎ Tatami mat | ◎ Concrete block | ◎ Baterya (ng kotse atbp.) | ◎ Piano | ◎ Basurang medikal

Basurang pang-industriya, tatami mat, fire extinguisher, silindro ng LPG, gulong, baterya, piano, organ, kasangkapang pansaka, pesticide, basurang medikal, pintura, langis, hollow block, basura sa konstruksyon, bathtub, motorsiklo, scooter, atbp.

### ≪Impormasyon ukol sa Gomisaku≫

Mula sa QR code sa kanan, makikita ang diksyunaryo ng pag-hahati-hati ng mga basura sa Nakai-machi.
Gamitin din ito dahil madaling mahanap ang impormasyon kung paano ilalabas at hahatiin ang mga basura.

Diksyunaryo ng pag-hahati-hati ng mga basura sa Nakai-machi (Gomisaku)
https://www.gomisaku.jp/0066/

**Dibisyon ng Industriya at Kapaligiran ng Bayan ng Nakai (TEL 81-1115) , *Ashigara Tōbu Seisō Kumiai* (TEL 83-1554)**

タガログ語